

Pagsusulit sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

I. Parirala, sugnay, at pangungusap

A. Isulat sa patlang kung **parirala**, **sugnay**, o **pangungusap** ang lipon ng mga salita.

- _____ 1. dahil abalang-abala ang mga miyembro ng organisasyon
- _____ 2. masdan ang napakagandang bukung-liwayway sa silangan
- _____ 3. ang kabutihan at kapayapaan ng ating pamayanan
- _____ 4. sila ang inatasan na magsiyasat ng anomalya
- _____ 5. kapag maraming suliraning pangkabuhayan ang isang bansa
- _____ 6. bagong batas na isinakatuparan
- _____ 7. libreng pagpapaaral sa elementarya
- _____ 8. itaguyod natin ang mga programang inilunsad
- _____ 9. itinuturo ba ang mga kabutihang-asal at pagmamahal sa bansa
- _____ 10. ngunit may lumabag pa rin sa mga karapatang pantao
- _____ 11. habang inihahanda ang bulwagan para sa kumperensiya
- _____ 12. napahamak siya dahil sa kanyang pagkawalang-bahala
- _____ 13. mga tula at sanaysay na isinulat
- _____ 14. kabi-kabilang demonstrasyon ang inilunsad ng mga mamamayan
- _____ 15. mataas na kalidad ng edukasyon

B. Magsulat ng tsek sa patlang kung ang sugnay ay **makapag-iisa**. Magsulat ng ekis kung ang sugnay ay **di-makapag-iisa**.

- _____ 1. dahil hindi makatarungan ang ginawang pagkakakulong sa mga taong nagprotesta

- ___ 2. binigyan ng parangal ang mga atletang nagpakita ng kakaibang kakayahan
- ___ 3. kung mapanatili nating mapayapa at malaya ang ating bansa
- ___ 4. kapag dumating ang mga magsasaka mula sa bukirin
- ___ 5. bahagi ng bayanihan ang pagsasakripisyo alang-alang sa ikabubuti ng nakararami
- ___ 6. inaasahan namin na tutuparin mo ang mga pangakong binitawan mo
- ___ 7. mainam na igalang natin ang pananampalataya ng ibang tao
- ___ 8. upang masugpo ang pagdami ng insidente ng krimen sa pamayanan
- ___ 9. sapagkat may di-pagkakaunawaan ang dalawang magkapitbahay
- ___ 10. pangalagaan natin ang natitirang likas-yaman ng mga dagat sa Pilipinas

II. Mga bahagi ng pangungusap

A. Salungguhitan ang **buong simuno** at bilugan ang **payak na simuno** ng bawat pangungusap.

1. Ang mga buto na natuklasan sa Argentina ay dating bahagi ng pinakamalaking hayop na lumakad sa ating daigdig—ang dinosauro na *titanosaur*.
2. Apatnapung metro at walumpung tonelada ang haba at bigat ng *titanosaur*.
3. Maraming mga siyentipiko ay naniniwala na ang ating daigdig ay apat at kalahating bilyong taon na ang tanda.
4. Ang mga dinosauro ay nabuhay sa ating daigdig dalawang daan at apatnapung milyong taon na ang nakalipas.
5. Tumama sa Mexico ang isang malatala o *asteroid* na siyang naging dahilan ng malaking pagbabago sa klima ng mundo.
6. Ang malaking pagbabago sa klima ng daigdig ay nagdulot ng pagkamatay ng mga dinosauro.

B. Salungguhitan ang **buong panaguri** at bilugan ang **payak na panaguri** ng bawat pangungusap.

1. Ang daigdig ay mukhang napakalaki at napakagandang bola na lumulutang sa madilim na kalawakan.
2. Makikita na ng mga karaniwang tao ang hitsura ng daigdig mula sa kalawakan.
3. Ang mga nakakikita ng buong daigdig dati-rati ay ang mga astronawta lamang.
4. Ang mga kamera sa *International Space Station* ay nagpapadala ng *video* ng hitsura ng ating mundo sa kasalukayan.
5. Madali na ngayon ang mangarap nang gising na maging isang astronawta.
6. Ang *space station* ng NASA ay nakatapat sa madilim na panig ng mundo kapag madilim o itim ang *video* na ipinakikita.

III. Ayos ng pangungusap

A. Isulat sa patlang ang titik **K** kung **karaniwan** ang ayos ng pangungusap. Isulat sa patlang ang mga titik **DK** kung **di-karaniwan** ang ayos ng pangungusap.

Para sa mga pangungusap na karaniwan ang ayos, gawing di-karaniwan ang ayos ng mga ito at isulat ang bagong pangungusap sa ibaba ng ibinigay na pangungusap. Para sa mga pangungusap na di-karaniwan ang ayos, gawing karaniwan ang ayos ng mga ito.

- ____ 1. Dumadaing ang karamihan sa mga mamamayan sa patuloy na pagtaas ng mga bilingin.

- ____ 2. Magiliw na ibinati at tinanggap ni Ginang Roldan ang mga panauhin mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

___ 3. Sina Rene at Rica ay makikilahok sa gaganaping paligsahan sa pagsulat ng balita.

___ 4. Ang mga magulang ng mga batang nalunod ay matagal nang nagluluksa.

___ 5. Kailanman ay hindi niya makakalimutan ang mga natutuhan niya sa ibang bansa.

___ 6. Ang abogado ng hinirang na mamahala sa kasong ito ay masipag at mausisa.

___ 7. Siya ay nakatanggap ng malaking gantimpala mula sa pangulo ng kumpanya.

___ 8. Hindi nakabubuti sa kalusugan ang kakulangan sa tulog.

IV. Tayutay

Isulat sa patlang ang titik **S** kung **simili**, titik **M** kung **metapora**, o titik **P** kung personipikasyon ang isinasaad sa pangungusap.

- ___ 1. Ang kasipagan ay ina ng kayamanan at kaginhawahan.
- ___ 2. Nabuhay muli ang mga dahon ng halaman pagkatapos umulan.
- ___ 3. Ang mahabang buhok ni Kristina ay sinlambot at sindulas ng seda.
- ___ 4. Sabi nila na ang lungsod ng *New York* ay ang lungsod na kailanman ay hindi natutulog.
- ___ 5. Kagat lang ng langgam ang turok ng iniksiyon.
- ___ 6. Kawangis ng makahiya ang magugulating matanda.
- ___ 7. Parang ulan sa tuyong lupa ang musika sa konsiyerto.
- ___ 8. Lason sa iyong mga baga ang sigarilyo.
- ___ 9. Ang mga mamamayan na walang pinuno ay parang mga pasahero ng isang bus na walang tsuper.
- ___ 10. Ang susi sa tagumpay ay tiyaga.
- ___ 11. Walang hinihintay ang oras.
- ___ 12. Ang sikat ng araw sa aking mukha ay halik ng buwang-liwayway.
- ___ 13. Napatulog ako ng apoy na sumasayaw sa siga.
- ___ 14. Wari'y hampas sa tambol ang tibok ng aking puso.
- ___ 15. Kumakatok ang oportunidad sa pinto mo.
- ___ 16. Isang masalimuot na makina ang utak ng tao.
- ___ 17. Yumuko ang mga punong niyog sa napakalakas na hangin.
- ___ 18. Kasing-init ng pugon ang mga lansangan ngayong tag-init.
- ___ 19. Ang yakap nina Nanay at Tatay ay aking kumot sa gabi.
- ___ 20. Ginising ng sikat ng araw ang mga hayop na natutulog.